# Balidasyon Ng Lagumang Pagsusulit Sa Ikaapat Na Markahanng Filipino-Baitang 11

**Dolce Aura Marie N. Ubod[1], Hangel T. Oyda[2]**

[1]MA Student, San Miguel Zamboanga del sur, Philippines
[2]MA Student, Dinas, Zamboanga del sur, Philippines

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masuri ang bisa ng Lagumang Pagsusulit sa Filipino para sa ika-apat na markahan ng Baitang 11, partikular sa pagtukoy ng antas ng validity, reliability, index ng kahirapan, at index ng pagtanggi ng mga aytem, at upang makabuo ng rebisyong anyo ng pagsusulit. Gumamit ang pananaliksik ng pinaghalong kwalitatibo at kwantitatibong disenyo, na kinasangkutan ng pagsusuri ng mga tagasuri para sa content validity at item analysis ng mga sagot ng mag-aaral upang masukat ang reliability, difficulty index, at discrimination index ng bawat aytem. Batay sa pagsusuri, natuklasang ang Lagumang Pagsusulit ay may mataas na antas ng validity batay sa nakuha nitong Content Validity Index (CVI) at may katanggap-tanggap na antas ng reliability batay sa Cronbach’s Alpha. Ang mga tagasuri ay nagbigay ng mahahalagang puna at mungkahi na nakatulong sa paglinaw ng mga panuto, pagsasaayos ng wika, at pagbubuo ng mga tanong na may mas mataas na antas ng kognitibong kasanayan. Sa pagsusuri ng index ng kahirapan, lumitaw na higit sa kalahati ng mga aytem ay may katamtamang antas, habang ang ilan ay itinuturing na madaling o mahirap, kaya’t isinailalim ang mga ito sa rebisyon. Samantala, ang index ng pagtanggi ay nagpakita na kalahati ng mga aytem ay may sapat na kakayahang makapagtangi ng antas ng pagkatuto ng mag-aaral, habang ang iba ay nangangailangan ng pagbabago o pag-aalis. Bunga ng mga natuklasan, nabuo ang rebisyong anyo ng Lagumang Pagsusulit na nakatuon sa pagpapabuti ng panuto, nilalaman, at estruktura ng mga aytem upang matiyak ang bisa at pagiging makabuluhan nito bilang kasangkapan ng guro sa pagtataya ng natutuhan ng mga mag-aaral. Pinatutunayan ng pag-aaral na ang balidasyon at pagsusuri ng mga pagsusulit ay mahalagang hakbang tungo sa mas epektibong pagtuturo at makatarungan at makabuluhang pagtataya sa edukasyon.

**Keywords:** Balidasyon, Pagsusulit, Laguman, Filipino, Baitang 11.

**Recommended Citation**

Department of Education. (2015). DepEd Order No. 8, s. 2015 — Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 Basic Education Program. https://www.deped.gov.ph/2015/04/01/do-8-s-2015-policy-guidelines-on-classro om-assessment-for-the-k-to-12-basic-education-program

## INTRODUKSYON

Ang pagtuturo ay itinuturing na puso ng edukasyon. Isa itong masalimuot ngunit makabuluhang proseso ng pagbabahagi ng kaalaman, paghubog ng kasanayan, at paglinang ng mga pagpapahalaga. Hindi lamang ito simpleng pagtalakay ng aralin; ito ay isang sining at agham ng paggabay sa kabuuang pag-unlad ng mag-aaral. Ayon kay Bruner (1966), ang guro ay nagsisilbing tagapag-ugnay ng karanasan at

impormasyon upang makabuo ang mag-aaral ng makabuluhang pagkatuto. Kaugnay nito, mahalagang ang bawat aspeto ng pagtuturo ay may saysay at layuning nakaugnay sa inaasahang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral. Ang pagtatasa at pagtataya ay ang pangunahing bahagi ng mga aktibidad sa pagtuturo at pag-aaral. Mayroon silang napakalapit na kahulugan ngunit magkaiba ng kahulugan sa ilang parte ang pagtatasa ay ang pamamaraan, at ang pagtataya ay ang proseso o aktibidad. Ayon kay Lawrence (2010) inihayag nina Ardiza et al., (2011) ang pagtatasa sa silid-aralan ay isa sa pinakamahalagang kasangkapan na magagamit ng guro upang maunawaan ang mga pangangailangan at ang mga mag-aaral. Sa tulong nito nababatid ng guro ang pagkaka-iba ng kaniyang mga mag-aaral kinakailangan na matukoy natin kung paano mas mailalabas ng isang estudyante ang kaniyang kakayahan sa iba't ibang pamamaraan na ating ibinibigay sa kanila. Binigyang-diin sa DepEd Order No. 42, s. 2017 o ang Policy Guidelines on Daily Lesson Preparation for the K to 12 Basic Education Program na dapat maging malinaw ang layunin ng pagtuturo at angkop ang mga estratehiya at pagtatayang gagamitin. Nakasaad din dito na ang bawat guro ay inaasahang makapaglalahad ng mga gawain at pagtataya na tumutugon sa layunin ng aralin, batay sa content standards, performance standards, at learning competencies. Sa senior high school, partikular sa asignaturang Filipino, mataas ang inaasahan sa mga mag-aaral pagdating sa kasanayang magbasa, magsuri, magsulat, at magsalita. Dito pumapasok ang tungkulin ng guro bilang tagadisenyo ng mga karanasang pampagkatuto na nagpapalawak sa kaalaman ng mga mag-aaral sa wika, kultura, at lipunan. Ngunit hindi sapat ang mahusay na pagtuturo kung walang maayos at tumpak na pagtataya sa natutunan ng mga mag-aaral. Ayon sa DepEd Order No. 8, s. 2015 o ang Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program, ang pagtataya ay bahagi ng pagtuturo na nagsisilbing gabay upang masukat ang kaalaman, kasanayan, at pag-unawa ng mga mag-aaral. Dito binibigyang-halaga ang validity at reliability ng mga pagsusulit bilang pangunahing sangkap ng makatarungan at makabuluhang pagtataya. Ang isang pagsusulit na hindi balido ay maaaring magbigay ng maling impormasyon tungkol sa antas ng pagkatuto ng mag-aaral at magresulta sa maling pagtugon ng guro sa kanilang mga pangangailangan. Sa pananaliksik nina Padilla, Ramos, at Delos Santos (2019), natukoy na maraming guro sa senior high school ang gumagamit ng mga teacher-made tests na hindi pa sumasailalim sa pormal na balidasyon. Ang ganitong kalakaran ay maaaring makaapekto sa bisa ng pagtuturo dahil nawawala ang kaugnayan ng pagsusulit sa layunin ng kurikulum. 3 Bilang tugon sa mga usaping ito, mahalaga ang pagsasagawa ng balidasyon ng lagumang pagsusulit upang matiyak ang pagkakatugma nito sa mga learning competencies, antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral, at inaasahang bunga ng pagtuturo. Ang DepEd Order No. 031, s. 2020 o Interim Guidelines for Assessment and Grading in Light of the Basic Education Learning Continuity Plan ay muling nagpapatibay sa kahalagahan ng may kalidad, makatarungan, at makabuluhang pagtataya sa gitna ng iba't ibang hamon sa edukasyon. Kaya't sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, layunin nitong balidahin ang lagumang pagsusulit sa ika-apat na markahan sa asignaturang Filipino para sa Baitang 11. Sa paggawa nito, inaasahang makatutulong ito sa mga guro na mas mapahusay ang kanilang pagtuturo, matiyak ang pagiging makatarungan ng kanilang pagtataya, at higit sa lahat, mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang bisa ng lagumang pagsusulit sa Filipino para sa ika-apat na markahan sa Baitang 11. Layunin nitong matukoy ang antas ng validity at reliability ng pagsusulit, maging ang kalidad ng mga aytem batay sa teknikal na pamantayan, at makabuo ng rebisyong anyo ng

pagsusulit batay sa resulta ng pagsusuri. Tiyak na sinasagot ng pananaliksik ang mga sumusunod na katanungan:

A. Ano ang antas ng validity at reliability na matutukoy sa lagumang pagsusulit sa Filipino Baitang 11?
B. Ano-ano ang mga puna at mungkahi ng mga tagasuri matapos isagawa ang balidasyon ng lagumang pagsusulit? 6
C. Ano ang index ng kahirapan na lilitaw mula sa pagsusuri ng mga aytem ng lagumang pagsusulit
D. Ano ang index ng pagtanggi na matutukoy mula sa pagsusuri ng mga aytem ng lagumang pagsusulit?
E. Batay sa mga natuklasan, anong rebisyong anyo ng lagumang pagsusulit ang mabubuo para sa Filipino Baitang 11?

## METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng desinyo ng pananaliksik,instrumento ng pag-aaral, pamamaran ng pagkalap ng mga datos, lugar ng pag-aaral at etika ng pag-aaral. Desinyo ng Pananaliksik Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng magkasanib na disenyo ng pananaliksik (mixed methods research design) na pinagsasama ang kwalitatibo at kwantitatibong pamamaraan upang masuri ang kabuuang bisa ng isang lagumang pagsusulit sa Filipino para sa Baitang 11. Sa kwantitatibong bahagi, isinagawa ang pagsusuri sa bisa ng bawat aytem ng pagsusulit sa pamamagitan ng pagkuha ng numerical na datos tulad ng antas ng validity at reliability, gayundin ang index ng kahirapan at index ng pagtanggi. Ang mga datos ay isinailalim sa istatistikal na pagsusuri upang matukoy ang antas ng pagiging angkop ng mga tanong sa layunin ng kurikulum. Samantala, sa kwalitatibong bahagi, kinonsidera ang mga puna at mungkahi ng mga tagasuri hinggil sa nilalaman, estruktura, at kaangkupan ng pagsusulit. Layunin nitong kilalanin ang mga aspekto ng pagsusulit na nangangailangan ng rebisyon o pagpapabuti batay sa kanilang propesyonal na obserbasyon. 9 Ang kombinasyon ng dalawang metodolohikal na lapit ay nakatulong upang matiyak ang akademikong bisa ng pagsusulit at masiguro na ito ay epektibong nagtataya ng kasanayang inaasahan mula sa mga mag-aaral.

### Instrumento ng Pag-aaral

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pananaliksik na ito ay ang lagumang pagsusulit (test questionnaire) na binubuo ng 40 aytem, na nakabatay sa mga kasanayan at layunin sa ikaapat na markahan ng asignaturang Filipino para sa Baitang 11. Layunin nitong masukat ang antas ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral kaugnay ng mga paksang saklaw ng kurikulum. Ang pagsusulit ay isinailalim sa balidasyon ng mga eksperto mula sa larangan ng edukasyon, partikular sa pagtuturo ng Filipino. Upang masukat ang kalidad ng bawat aytem, gumamit ng balidasyon form na nagtaya sa tatlong pamantayan: representativeness, relevance, at clarity, gamit ang iskalang 1 hanggang 4. May nakalaan ding bahagi para sa puna at mungkahi mula sa mga tagasuri upang mapabuti ang nilalaman at anyo ng pagsusulit.

### Pamamaran ng Pagkalap ng mga Datos

Ang pangangalap ng datos sa pananaliksik na ito ay isinagawa sa maingat na paraan upang matiyak ang integridad at katumpakan ng mga impormasyong nakalap. Una, ang mga mananaliksik ay nangalap ng umiiral na lagumang pagsusulit sa Filipino mula sa mga guro sa Senior High School. Ang mga pagsusulit na ito ay ginamit bilang batayang materyal sa pagsusuri at ebalwasyon, at may kasamang sagot at aktuwal na iskor ng mga mag-aaral. Pangalawa, ang nasabing pagsusulit ay ipinasuri sa mga eksperto sa asignaturang Filipino gamit ang balidasyon form. Sa pamamagitan ng form na ito, sinuri ang bawat aytem

ayon sa pamantayan ng representativeness, 10 relevance, at clarity, gamit ang iskalang 1 (pinakamababa) hanggang 4 (pinakamataas). Bukod dito, hinikayat ang mga tagasuri na magbigay ng komprehensibong puna at mungkahi para sa ikagaganda ng pagsusulit. Pangatlo, ang mga datos mula sa mga rating at puna ng eksperto ay isinailalim sa masusing pagsusuring estadistikal sa tulong ng isang statistician. Ang layunin ng prosesong ito ay upang matukoy ang antas ng validity at reliability ng pagsusulit gamit ang mga angkop na pormula at pamamaraang istatistikal. Sa pamamagitan ng kanilang tulong, nakamit ang tiyak na pagsusuri sa kung gaano kapani-paniwala at consistent ang instrumentong ginamit. Ang nasabing mga hakbang ay mahalagang bahagi sa pagtitiyak na ang binuong lagumang pagsusulit ay hindi lamang akma sa nilalaman ng kurikulum, kundi maaasahan din bilang isang instrumento ng pagtataya sa Filipino sa Baitang 11.

**Presentasyon, Analisis, at Interpretasyon**

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa ginawang balidasyon ng lagumang pagsusulit sa Filipino para sa ika-apat na markahan ng Baitang 11.

**Talahanayan 1: Reliability Scores ng Questionnaire**

| Test Questionnaire | Cronbach's Alpha | Verbal Interpretation |
|---|---|---|
| Lagumang Pagsusulit sa Filipino – Grade 11 | .753 | Acceptable |

Batay sa talahanayan 1, ang Cronbach's Alpha ng Lagumang Pagsusulit sa Filipino Grade 11 ay 0.753. Ayon sa mga pamantayang estadistikal, ang Cronbach's Alpha ay ginagamit upang masukat ang reliability o konsistensi ng mga aytem sa isang pagsusulit o instrumento. Ang iskor na 0.753 ay pasok sa antas na "Acceptable", na nangangahulugang:

- Ang mga tanong sa pagsusulit ay may sapat na pagkakaugnay-ugnay sa isa't isa.
- Maari itong pagkatiwalaang instrumento sa pagsukat ng nilalayong kasanayan o konsepto.
- Ang pagsusulit ay konsistent sa pagkuha ng datos, kaya't makatutulong ito sa pagbibigay ng makabuluhang pagsusuri sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 2: Overall Content Validity Index ng Questionnaire**

| Questionnaire | Overall Content Validity Index ( |
|---|---|
| Lagumang Pagsusulit sa Filipino – Grade 11 | **0.921** |

Batay sa talahanayan 2, ang Overall Content Validity Index (CVI) ng Lagumang Pagsusulit sa Filipino para sa Grade 11 ay 0.921. Ang CVI ay ginagamit upang sukatin kung gaano kaepektibo at kahalaga ang mga nilalaman ng isang instrumento o questionnaire ayon sa pananaw ng mga eksperto. Ang resultang

0.921 ay nangangahulugang 92.1% ng mga aytem sa pagsusulit ay itinuring ng mga tagasuri bilang "essential" o mahalaga sa pagsusukat ng layunin ng pagsusulit. Sa pamantayan ng CVI, ang iskor na: ● 0.80 pataas ay katanggap-tanggap at itinuturing na may mataas na content validity. ● 1.00 ay perpekto, ibig sabihin, lahat ng eksperto ay lubos na sumang-ayon sa kahalagahan ng bawat item. Bagama't hindi perpekto, ang iskor na 0.921 ay nagpapakita na ang nilalaman ng pagsusulit ay napapanahon, akma, at epektibo sa pagsukat ng mga konseptong nais matutunan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Bilang bahagi ng proseso ng balidasyon, ang mga eksperto ay hinikayat na magbigay ng karagdagang puna at mungkahi hinggil sa mga aytem sa lagumang pagsusulit. Ang kanilang obserbasyon ay nakatulong upang matukoy ang mga aspeto ng pagsusulit na kailangang baguhin, linawin, o paunlarin upang higit na umayon sa layunin ng pagtataya. Ayon sa mga tagasuri, inirekomenda ang pagdaragdag ng mga aytem na may mas mataas na antas ng kognitibong kasanayan. Iminungkahi rin na magdagdag ng mga tanong sa anyong sanaysay, pati na rin ng mga aytem na susukat sa pagpapaliwanag ng konsepto o proseso sa sariling salita upang matasa ang lalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Isa sa mga mungkahi ay ang paglalagay ng mga sitwasyong makatutulong sa paglalapat ng kaalaman sa tunay na buhay o kontekstong naratibo.

**Talahanayan 3: Mga Puna at Mungkahi ng Tagasuri**

| Kategorya | Puna / Mungkahi | Bilang ng Aytem |
|---|---|---|
| **Pagkakaayos ng Panuto at Opsyon** | Pagsamahin ang panuto at pagpipilian para sa magkakaugnay na tanong | 1-3, 11-13, 14-15 |
| **Pagdagdag/Pagbabago ng Opsyon** | Dagdagan ang opsyon ng "Tema" | 2 |
| | Gawing mas tiyak ang tanong (hal., alin ang HINDI halimbawa ng tekstong naratibo) | 8 |
| **Wastong Gamit ng Wika** | Alisin ang "na ito" upang gawing mas simple at direkta ang tanong | 3 |
| | Ayusin ang pahayag upang maiwasan ang paulit-ulit na "siya" | 9 |
| | Linawin ang mahahabang deskripsyon ng tanong upang hindi magdulot ng kalituhan | 10 |
| **Baybay / Typo** | Itama ang maling baybay ng "Kapa gang" sa "Kapag ang" | 15 |
| **Paliwanag sa Panuto** | Linawin ang panuto sa sanaysay hinggil sa pagsusulat ng pangalan sa likuran | 19 |
| **Gabay sa Pagsagot ng Enumeration** | Magdagdag ng gabay o halimbawa sa enumerasyon upang maiwasan ang kalituhan | 16-18 |
| **Pagtaas ng Antas ng Tanong** | Magdagdag ng tanong na sumusukat sa mas mataas na antas ng pag-iisip | Buong Pagsusulit |
| **Pag-alis ng Bahagi ng Pagsusulit** | Tanggalin ang bahagi ng enumerasyon (inuulit at mababang antas) | 16-18 |

Batay sa isinagawang balidasyon ng Lagumang Pagsusulit, napansin ng mga tagasuri ang ilang mahahalagang aspekto ng pagsusulit na nangangailangan ng pagsasaayos. Una, iminungkahi ang pagsasama ng panuto at pagpipilian para sa mga magkakaugnay na aytem upang maging mas malinaw at sistematiko ang pagsagot, partikular sa mga bilang 1-3, 11-13, at 14-15. Ikalawa, may mga mungkahing dagdagan o baguhin ang ilang opsyon ng sagot, gaya ng pagdaragdag ng salitang "Tema" sa bilang 2 at ang pagtiyak na malinaw ang tanong tulad ng sa bilang 8 kung saan dapat ipakita kung alin ang hindi kabilang sa halimbawa.

Sa paggamit ng wika, iminungkahi na alisin ang mga salitang hindi kailangan tulad ng "na ito" sa bilang 3 at linawin ang mga pahayag upang hindi malito ang mga mag-aaral, lalo na sa bilang 9 at 10. Napansin din ang ilang typographical errors, tulad ng maling baybay ng "Kapa gang" na dapat itama bilang "Kapag ang" sa bilang 15. Bukod dito, kinakailangan din umanong linawin ang panuto sa bahagi ng sanaysay, partikular ang bahagi tungkol sa pagsusulat ng pangalan, upang ito ay hindi magdulot ng kalituhan. Para naman sa bahagi ng enumerasyon (bilang 16-18), iminungkahi na magdagdag ng malinaw na gabay o halimbawa upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang tamang paraan ng pagsagot. Bukod sa mga teknikal na pagwawasto, hinikayat din ng mga tagasuri na isama sa pagsusulit ang mga tanong na sumusukat sa mas mataas na antas ng pag-iisip gaya ng pagsusuri, aplikasyon, at interpretasyon upang higit na mapaunlad ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa huli, inirekomenda rin na tanggalin ang bahagi ng enumerasyon sapagkat inuulit lamang nito ang mga naunang tanong at mababa ang antas ng pagkatuto na nasusukat nito. Sa kabuuan, layunin ng mga mungkahi ng mga tagasuri na mapabuti ang anyo, nilalaman, at layunin ng pagsusulit upang ito ay maging higit na kapaki-pakinabang sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 4: Item Analysis Table (Aytem 1-30)**

| Aytem Blg. | PU | PL | Dx (PU - PL) | P (Avg Difficulty) | Interpretasyon | Rekomendasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 0.00 | 0.63 | -0.63 | 0.31 | Dx: Poor, P: Difficult | Reject |
| 2 | 1.00 | 0.63 | 0.38 | 0.81 | Dx: Reasonably Good, P: Easy | Revise |
| 3 | 1.00 | 0.75 | 0.25 | 0.88 | Dx: Marginal, P: Easy | Revise |
| 4 | 1.00 | 0.38 | 0.63 | 0.69 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 5 | 0.88 | 0.13 | 0.75 | 0.50 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 6 | 0.63 | 0.00 | 0.63 | 0.31 | Dx: Very Good, P: Difficult | Revise |
| 7 | 0.88 | 0.63 | 0.25 | 0.75 | Dx: Marginal, P: Average | Revise |
| 8 | 1.00 | 0.25 | 0.75 | 0.63 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 9 | 0.88 | 0.38 | 0.50 | 0.63 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 10 | 0.88 | 0.25 | 0.63 | 0.56 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 11 | 0.75 | 0.75 | 0.00 | 0.75 | Dx: Poor, P: Average | Reject |
| 12 | 1.00 | 0.13 | 0.88 | 0.56 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 13 | 0.88 | 0.25 | 0.63 | 0.56 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 14 | 0.88 | 0.50 | 0.38 | 0.69 | Dx: Reasonably Good, P: Average | Revise |
| 15 | 0.75 | 0.25 | 0.50 | 0.50 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 16 | 1.00 | 0.88 | 0.13 | 0.94 | Dx: Poor, P: Easy | Reject |
| 17 | 1.00 | 0.75 | 0.25 | 0.88 | Dx: Marginal, P: Easy | Revise |
| 18 | 1.00 | 0.88 | 0.13 | 0.94 | Dx: Poor, P: Easy | Reject |
| 19 | 1.00 | 0.88 | 0.13 | 0.94 | Dx: Poor, P: Easy | Reject |
| 20 | 1.00 | 0.88 | 0.13 | 0.94 | Dx: Poor, P: Easy | Reject |
| 21 | 0.75 | 0.75 | 0.00 | 0.75 | Dx: Poor, P: Average | Reject |
| 22 | 0.75 | 0.50 | 0.25 | 0.63 | Dx: Marginal, P: Average | Revise |
| 23 | 0.75 | 0.63 | 0.13 | 0.69 | Dx: Poor, P: Average | Reject |
| 24 | 0.88 | 0.63 | 0.25 | 0.75 | Dx: Marginal, P: Average | Revise |
| 25 | 0.88 | 0.63 | 0.25 | 0.75 | Dx: Marginal, P: Average | Revise |
| 26 | 0.75 | 0.88 | -0.13 | 0.81 | Dx: Poor, P: Easy | Reject |
| 27 | 1.00 | 0.38 | 0.63 | 0.69 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 28 | 1.00 | 0.25 | 0.75 | 0.63 | Dx: Very Good, P: Average | Retain |
| 29 | 0.88 | 0.63 | 0.25 | 0.75 | Dx: Marginal, P: Average | Revise |
| 30 | 1.00 | 0.88 | 0.13 | 0.94 | Dx: Poor, P: Easy | Reject |

Index ng Kahirapan (Difficulty Index) Ang Index ng Kahirapan ay ginamit upang matukoy kung gaano kahirap o kadali ang bawat aytem sa lagumang pagsusulit. Ginamit ang pormula: P = (PU + PL) / N Kung saan: ● PU = Bilang ng tamang sagot mula sa Upper Group 19 ● PL = Bilang ng tamang sagot mula sa Lower Group ● N = Kabuuang bilang ng mga respondente (16) Interpretasyon: ● 0.00–0.24 = Mahirap ● 0.25–0.74 = Katamtaman ● 0.75–1.00 = Madali Batay sa isinagawang pagsusuri ng mga aytem ng Lagumang Pagsusulit, lumitaw na ang index ng kahirapan ay nasa katamtamang antas para sa karamihan ng mga tanong. Sa kabuuang tatlumpung (30) aytem, 63% o labing siyam (19) sa mga ito ang may difficulty index na nasa pagitan ng 0.25 hanggang 0.74, na nangangahulugang may katamtamang lebel ng kahirapan ang mga tanong na ito. Samantala, 27% o walong (8) aytem ang nahulog sa kategoryang madali (difficulty index na 0.75 pataas), at 10% o tatlong (3) aytem naman ang itinuring na mahirap (difficulty index na 0.00 hanggang 0.24). Ipinapakita ng datos na bagama’t may balanseng distribusyon, kinakailangan pa rin ng pagsasaayos upang masiguro ang tamang antas ng kahirapan ng bawat aytem at maiwasan ang sobrang dali o sobrang hirap na mga tanong. Index ng Pagtanggi (Discrimination Index)

Ang Index ng Pagtanggi ay sumusukat kung gaano kaepektibo ang isang tanong sa pagkakaiba ng mataas at mababang kaalaman ng mag-aaral. Ginamit ang pormula: D = (PU - PL) / (N/2) Interpretasyon: ● 0.40–1.00 = Napakahusay ● 0.30–0.39 = Katanggap-tanggap ● 0.20–0.29 = Kailangang rebisahin ● 0.00–0.19 = Mahina ● Negative = Dapat palitan ang tanong 20 Samantala, sa pagsusuri ng index ng pagtanggi o discrimination index ng mga aytem, natukoy na 50% o labing lima (15) sa mga ito ang may katanggap-tanggap hanggang sa napakahusay na kakayahang makapagtangi, na mayroong index na 0.30 pataas, kaya't maituturing na epektibo sa pagkilala ng mataas at mababang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral. Gayundin, 37% o labing isang (11) aytem ang nasa marginal na antas (index na 0.20 hanggang 0.29), na nangangahulugan ng pangangailangan ng rebisyon. Samantala, 13% o apat (4) sa mga aytem ang nakitaan ng poor o negative discrimination index, na nangangailangan ng agarang pagbura o pagpapalit. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resultang ito na bagama't kalahati ng mga aytem ay may sapat na kakayahang makapagtangi ng antas ng pagkatuto, mahalaga pa rin ang pagsasagawa ng mga kinakailangang rebisyon upang higit na mapabuti ang bisa ng pagsusulit bilang kasangkapan ng makabuluhang pagtataya.

**Talahanayan 5: Kabuuang Puntos ng Sanaysay ng mga Mag-aaral (N=30)**

| Sukatan | Resulta |
|---|---|
| Pinakamataas | 10 |
| Pinakamababa | 4 |
| Mean | 7.2 |
| Mode | 8 |
| Standard Deviation | 1.6 |

Makikita sa datos na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng average na iskor na 7.2 sa sanaysay. Ipinapahiwatig nito na may sapat na kasanayan sa pagsulat, bagaman may ilang estudyanteng nakakuha ng mababang puntos. Maaaring gamitin ang resultang ito bilang gabay sa pagpapabuti ng pagtuturo ng pagsulat. Sa kabuuan, ang mga resulta ng item analysis ay nagpapakitang ang Lagumang Pagsusulit ay may balanseng antas ng kahirapan at may kakayahang makapagtangi ng mataas at mababang antas ng pagkatuto. Dahil dito, maaaring sabihing epektibo ang pagsusulit bilang batayan sa pagtataya ng natutuhan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, inirerekomenda ang pagrebisa sa mga aytem na lumampas sa inaasahang saklaw upang higit pang mapabuti ang kalidad ng pagsusulit. 21 Batay sa isinagawang balidasyon at pagsusuri, isinagawa ang kinakailangang rebisyon sa Lagumang Pagsusulit sa Filipino para sa Baitang 11 upang ito ay maging higit na angkop at epektibong kasangkapan sa pagtataya ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang rebisyon ay nakatuon sa pagpapalinaw ng mga panuto, pagsasaayos ng wika, at pagwawasto ng mga opsyon ng sagot upang maiwasan ang kalituhan at hindi pagkakaunawaan sa pagsagot. Inayos ang pagkakabuo ng mga tanong, pinagtibay ang estruktura ng pagsusulit, at isinama ang mga aytem na sumusukat sa mas mataas na antas ng kognitibong kasanayan. Bahagi rin ng rebisyon ang pagtutok sa kalinawan at kaangkupan ng bawat tanong sa mga layunin ng kurikulum. Ang mga bahagi ng pagsusulit na hindi nakatutugon sa pamantayan ay inalis o ginawaran ng nararapat na pagbabago, samantalang ang mga bahagi namang makatutulong sa pagkatuto ay pinalakas pa sa nilalaman. Sa kabuuan, ang isinagawang rebisyon ay naglalayong matiyak na ang Lagumang Pagsusulit ay isang makabuluhan, valid, at reliable na kasangkapan ng guro sa pagsukat ng kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino.

**KONKLUSYON**

Batay sa isinagawang balidasyon at pagsusuri ng Lagumang Pagsusulit sa Filipino para sa Baitang 11, napatunayan na ang pagsusulit ay may mataas na antas ng validity at katanggap-tanggap na antas ng reliability, na nagpapakita ng pagiging angkop nito bilang instrumento sa pagtataya ng natutuhan ng mga mag-aaral. Ang mga puna at mungkahi ng mga tagasuri ay naging mahalagang batayan sa pagsasagawa ng mga kinakailangang rebisyon, lalo na sa aspeto ng panuto, gamit ng wika, estruktura ng tanong, at antas ng kognitibong kasanayan. Nakita rin sa pagsusuri na ang karamihan sa mga aytem ay nasa katamtamang antas ng kahirapan, ngunit may mga aytem na masyadong madali o mahirap na nangangailangan ng rebisyon o pag-aalis. Gayundin, lumitaw na kalahati ng mga aytem ay may kakayahang makapagtangi ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral, habang ang iba ay kailangang baguhin o tanggalin dahil sa mababang index ng pagtanggi. Sa kabuuan, ang ginawang rebisyon sa anyo ng Lagumang Pagsusulit ay pagiging tugon sa mga natukoy na kahinaan at rekomendasyon ng mga tagasuri. Naging layunin ng rebisyong ito na matiyak ang pagiging malinaw, 24 makabuluhan, at akma ng pagsusulit bilang kasangkapan sa pagtataya. Ang prosesong isinagawa ay nagpapakita na ang balidasyon at item analysis ay mahalagang bahagi ng pagbuo ng isang valid at reliable na pagsusulit, na makatutulong sa pagtuturo at tunay na pagsusukat ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**TALASANGGUNIAN**

1. Andrade, H., & Heritage, M. (2017). Using formative assessment to enhance learning. Routledge.
2. Black, P., & Wiliam, D. (1998). Inside the black box: Raising standards through classroom assessment. Phi Delta Kappan, 80(2), 139–148
3. Bruner, J. S. (1966). Toward a theory of instruction. Harvard University Press. Department of Education. (2015). DepEd Order No. 8, s. 2015 — Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 Basic Education Program. https://www.deped.gov.ph/2015/04/01/do-8-s-2015-policy-guidelines-on-classro om-assessment-for-the-k-to-12-basic-education-program/ Department of Education. (2017). DepEd Order No. 42, s. 2017 — Policy guidelines on daily lesson preparation for the K to 12 Basic Education Program. 26 https://www.deped.gov.ph/2017/08/31/do-42-s-2017-policy-guidelines-on-daily-l esson-preparation-for-the-k-to-12-basic-education-program/
4. Department of Education. (2020). DepEd Order No. 031, s. 2020 — Interim guidelines for assessment and grading in light of the Basic Education Learning Continuity Plan. https://www.deped.gov.ph/2020/10/02/do-031-s-2020-interim-guidelines-for-asse ssment-and-grading-in-light-of-the-basic-education-learning-continuity-plan/
5. Gronlund, N. E. (2006). Assessment of student achievement (8th ed.). Pearson Education.
6. Padilla, R., Ramos, M., & Delos Santos, G. (2019). Validating teacher-made tests in the secondary level. Philippine Journal of Education, 96(3), 45–59.
7. Popham, W. J. (2014). Classroom assessment: What teachers need to know (7th ed.). Pearson Education.